



## PAGBIGAY NG IMPORMASYON SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Ika-29 ng Abril, 2019

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Simrun Dhoot - 415.749.4900

## Magsasagawa ang Mga Air District at Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB) ng pagpupulong tungkol sa alokasyon ng California sa pagpopondo ng Volkswagen Environmental Mitigation Trust

**SAN FRANCISCO** – Ang mga Air District ng Bay Area, San Joaquin at South Coast, kasama ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California, ay magsasagawa ng pagpupulong ng grupo sa paggawa (workgroup) para sa mga apektado tungkol sa pagpapatupad ng alokasyon ng California sa \$423 milyon na Volkswagen Environmental Mitigation Trust sa Lunes, ika-6 ng Mayo ng 10 a.m. sa San Francisco.

Magbibigay ang pagpupulong ng grupo sa paggawa ng pagkakataon sa mga apektado upang matuto, magtanong, at magbigay ng mga komento sa pagpapatupad ng mga pagpopondo at mga kategorya ng proyekto. Tatalakayin ng mga tauhan ang available na pagpopondo, mga uri ng kwalipikadong proyekto, timeline ng programa, mga kinakailangan sa pag-uulat at operasyon, at iba pang detalye ng pagpapatupad.

Magiging tuon ng proyekto na tanggalin ang mga kasalukuyang sasakyang ginagamit para sa mabigat na trabaho at palitan ang mga ito ng teknolohiya na may mas mababang antas ng emisyon. Kabilang sa kagamitang ito ang mga trak para sa kargamento sa kalsada, mga bus na pang-transportasyon at shuttle bus, mga forklift at kagamitan para sa paglipat ng mga kargamento sa daungan, mga sasakyang-dagat para sa komersyal na gamit, at mga lokomotibo na panlipat ng kargamento. Maglalaan din ng pagpopondo para sa mga proyekto ng impraestruktura na sumusuporta sa paggamit ng merkado ng mga sasakyang walang emisyon.

Ang Trust ay ang resulta ng mga bahagyang kasunduan kasama ng Volkswagen (VW) bilang bunga ng paggamit nito ng mga kagamitang labag sa batas na idinisenyo para dayain ang mga pagsusuri ng emisyon. Nagbibigay ang Trust ng pagkakataong makakuha ng pondo para mabawasan ang mga labis na emisyon dahil sa mga tinukoy na sasakyan ng VW.

**Petsa at Oras ng Pagpupulong ng Grupo ng Paggawa:**

Lunes, ika-6 ng Mayo, 2019  
10 a.m.

**Lokasyon:**

Bay Area Air Quality Management District  
Kwarto ng Yerba Buena  
375 Beale Street San Francisco, CA 94105

**[VW Mitigation Trust Webcast](#)**

(hindi aktibo hanggang bago ang petsa/oras ng pagpupulong)

Makakahanap ang publiko ng karagdagang impormasyon tungkol sa Volkswagen Environmental Mitigation Trust sa <https://ww2.arb.ca.gov/our-work/programs/volkswagen-environmental-mitigation-trust-california> o makakahiling sila ng karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa [wmititrust@arb.ca.gov](mailto:wmititrust@arb.ca.gov).

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ([Bay Area Air Quality Management District](#)) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###